PANTULONG SA PAGPLANO NG PAGSAMBÁ

20 ng Disyembre

2017-12-20
Leksyonaryo Bilang 196

MAAARING AWIT SA PAGTITIPON
Purihi't Pasalamatan | Simplicio Esteban at E. Hontiveros SJ
Sumigáw sa Galák | Nemy Que SJ
Awit (Salmo) 067 | Victor Eclar Romero
Panginoón ay Darating, Ang

PANGINOÓN, KAAWAÁN MO KAMÍ.

LITÚRHIYA NG SALITÂ

UNANG PAGBASA.....Propeta Isaias 7:10-14

Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Noong mga araw na iyon,
ipinasabi ng Panginoón kay Acaz:
“Humingi ka sa akin ng palatandaan,
maging sa kalaliman ng Sheol o sa kaitaasan ng langit."

Sumagot si Acaz:
“Hindi po akó hihingi.
Hindi ko susubukin ang Panginoón."

Sinabi ni Isaias:
“Pakinggan mo,
sambahayan ni David,
kulang pa ba ang galitin ninyó ang mga tao,
na pati ang aking Diyós ay inyóng niyáyamot?

Kaya nga’t ang Panginoón na rin ang magbibigay ng palatandaan:
maglilihi ang isang dalaga at manganganak ng lalaki
at ito’y tatawaging Emmanuel."

TUGÓN SA SALMO

Salmo 24:7c at 10b Vic Romero



Ang salin sa Tagalog ng Tugón sa Salmo mulâ sa *Ang Pagpapahayág ng Salitâ ng Diyos*
© 2006 Panayám ng mga Katólikong Obispo sa Pilipinas,
Lupon Rehiyonál ukol sa Tagalog sa Litúrhiyá.
Tugtugin © 2010-2016 Vic Eclar Romero. magsimba.com. All rights reserved.

SALMO: Awit 024:1-2, 3-4ab, 5-6

Ang buong daigdig, lahát ng naroón,
may-ari'y ang Diyós, ating Panginoón;
ang mundo'y natayo at yaong sandiga'y ilalim ng lupa,
tubig kalaliman.

Sino ang marapat umahon sa buról,
sa buról ng Poón, sino ngang aahon?
Sino'ng papayagang pumasok sa templo,
sino'ng tutulutang pumasok na tao?
Siyá, na malinis ang isip at buhay,
na hindi sumamba sa diyus-diyusan;
tapat sa pangakó na binibitiwan.

Ang Panginoóng Diyós, pag papalain siyá,
ililigtas siyá't pawawalang-sala.
Gayon ang sinumang lumalapit sa Diyós,
siláng lumalapit sa Diyós ni Jacob.

MABUTING BALITÀ.....Mabuting Balita ayon kay San Lucas 1:26-38

Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
Noong panahong iyon:
Ang anghel Gabriel ay sinugo ng Diyos sa Nazaret, Galilea,
sa isang dalaga na ang pangala'y Maria.
siyá'y nakatakdang ikasal kay Jose,
isang lalaki buhat sa lipi ni Haring David.
Paglapit ng anghel sa kinaroroonan ng dalaga, binati niya ito.

"Matuwa ka! Ikaw ay kalugud-lugod sa Diyos." wika niya.

“Sumasaiyo ang Panginoon!”

Nagulumihanan si Maria sa gayong pangungusap,
at inisip niyang mabuti kung ano ang kahulugan niyon.
Kaya’t sinabi sa kaniyá ng anghel,
“Huwag kang matakot, Maria,
sapagkat kinalulugdan ka ng Diyos.

Makinig ka!
Ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki,
at siyá’y tatawagin mong Hesus.
Magiging dakila siyá,
at tatawaging Anak ng Kataastaasan.

Ibibigay sa kaniya ng Panginoong Diyos
ang trono ng kaniyang amang si David.
Maghahari siyá sa angkan ni Jacob magpakailanman,
at ang kaniyang paghahari ay walang hanggan.”
“Paanong mangyayari ito, gayong ako’y dalaga?” tanong ni Maria.

Sumagot ang anghel, “Bababa sa iyo ang Espiritu Santo,
at lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataas¬taasan.
Kaya’t banal ang ipanganga¬nak mo at tatawaging Anak ng Diyos.

Natatandaan mo ang iyong kamag-anak na si Elisabet?
Alam ng lahat na siyá’y baog,
ngunit naglihi siyá sa kabila ng kaniyáng katandaan.
At ngayo’y ikaanim na buwan na ng kaniyáng pagdadalantao
– sapagkat walang hindi mapangyayari ang Diyos.”

Sumagot si Maria, “Ako’y alipin ng Panginoon.
Mangyari sa akin ang iyong sinabi.”
At nilisan siyá ng anghel.
Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

PAMBUNGAD SA MABUTING BALITÀ
Halina, O Susi ni David, binubuksan mo ang langit upang kami ay masagip.



Tugtugin © 2013-2014 Vic Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

HOMILYA

PAGPAPAHAYÁG NG PANANÁMPALATAYÀ

PANALANGIN NG BAYAN

. . a. Para sa Simbahan, ang Bayan ng Diyós
. . b. Para sa mga Kinaúukulan
. . c. Para sa Nangángailangan, Naghihirap, Maysakít at Yumao
. . d. Para sa mga Dumaló sa Misa Dito at Ngayón

LITÚRHIYÁ NG EUKARISTIYA

MAAARING AWIT SA PAG-AALAY

Halina, O Emanuel
Halina, Hesús | Rene Javellana SJ at E. Hontiveros SJ
Halina, Hesús, Aming Mananakóp | Danny Isidro SJ at Nemy Que SJ

SANTO, SANTO, SANTO

PAGBUBUNYÍNG PANG-ALAALA

DAKILANG AMEN

PANALANGIN NG PANGINOÓN

KORDERO NG DIYÓS

MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG
Sa Amang Mahal Sumilang (Of the Father's Love Begotten)
Halina, D'yos Mesias (O Come, Divine Messiah)

MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ
Awit ng Pasasalamat | Hontiveros
Awit (Salmo) 067 | Victor Eclar Romero

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».
Palitán ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».
r
Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin
sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

20 ng Disyembre | 2017-12-20 | Leksyonaryo 196 | Gulóng 2
Halaw ang mga Pagbasa sa Magandáng Balità Bíblia © 1980 Philippine Bible Society.
www.bible.org.ph
Litúrhiya. Filipino. www.magsimba.com

Halina, Emanuél



Titik: Veni, veni, Emmanuel, Latin ika-9 na dantaón.

Titik Tagalog karapating-sipi © 2007-2017 Victor Eclar Romero. www.magsimba.com.
Maaaring kopyahín kung pansariling gamit. Kailangan ang pahintulot sa ibáng gamit.

Halina, D'yos Mesias



Titik Filipino © 2012-2016 Vic Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com
Titik Venez, divin Messie, Abbé Simon-Joseph Pellegrin, 1663-1745.

Panginoón, Hanggáng Kailán?

D.B. ISIDRO, SJ

FRUTO Ll. RAMIREZ, SJ



Titik: D.B. Isidro, SJ; Tugtugin: Fruto Ll. Ramirez, SJ

Copyright Jesuit Communications Foundation.